
# DIKLAP

PAHAYAGAN NG
PARTIDO KOMUNISTA NG PILIPINAS
SOUTH QUEZON - BONDOC PENINSULA

**ISPESYAL NA ISYU**
**ENERO 2024**



# Pulang saludo at taas kamaong pagpupugay kina Ka Ken, Ka Karen at Ka Jeni!

PAG-ALAALA SA UNANG TAON NG PAG-AALAY NG BUHAY NG MGA MARTIR NG BONDOC PENINSULA

**BASAHIN**

**Talumpati ni Ka Cleo del Mundo sa okasyon ng Ika-55 Anibersaryo ng Partido Komunista ng Pilipinas**

**02**

# Ubos-kayang isulong ang pambansa-demokratikong rebolusyon tungo sa wala pang kapantay na antas!

**Talumpati ni Ka Cleo del Mundo, Tagapagsalita ng Apolonio Mendoza Command NPA-Quezon sa okasyon ng Ika-55 Anibersaryo ng Partido Komunista ng Pilipinas**

*Disyembre 26, 2023*

Rebolusyunaryong pagbati ang ipinaparating ko sa lahat ng kadre at kasapian ng pinakamamahal nating Partido Komunista ng Pilipinas, sa mga pulang kumander at mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan, at sa rebolusyunaryong mamamayan ng Quezon, maging sa buong bansa at buong daigdig!

Markado ang araw na ito ng buhay at dugo ng ating mga martir ng pambansa demokratikong pakikibaka sa mga larangan ng lalawigan at rehiyong Timog Katagalugan.

Taas-kamaong pagpupugay kina Joseph "Ka Ken" delos Santos, Dani "Ka Karen" Lagrama at Ricanio "Ka Jeni" Bulalacao mga martir sa Bondoc Peninsula dahil sa kanilang patuloy na pagtatanggol sa buhay at kabuhayan ng magsasaka sa dulong Quezon.

Mataas na pagkilala kay Emmanuel "Ka Alfie" Nazareno, kagawad ng Komiteng Probinsya na pumanaw sa matinding karamdaman -- hindi matatawaran ang kanyang ambag sa pagsusulong ng rebolusyon sa hangganang Quezon-Bicol.

At natatanging pagdakila kay Josephine "Ka Sandy" Mendoza, ikalawang pangalawang Kalihim ng Komiteng Rehiyon sa Timog Katagalugan at kagawad ng Komite Sentral sa kanyang pambihirang papel sa pagpapalakas ng rebolusyunaryong kilusan sa buong rehiyon.

Pagbibigay ng mataas na pagkilala at pagpupugay kay Kasamang Joma sison, Tagapangulong Tagapagtatag ng PKP at kina Ka Benito at Wilma Tiamzon, mga kapita-pitagang pinuno ng rebolusyong Pilipino.

Ngayong araw ang kulminasyon ng ating isang buwan na pagdiriwang ng ika-55 taon ng ating Partido. Ginawa natin ito sa temang :

*Itanghal ang bandila ng Partido Komunista ng Pilipinas! Buong sigasig na mag-aral ng Marxismo-Leninismo-Maoismo! Dakilain ang alaala ni Ka Joma at ng mga bayani ng rebolusyong Pilipino! Ubos-kayang isulong ang pambansa-demokratikong rebolusyon tungo sa wala pang kapantay na antas!*

Nananatiling matatag ang Partido Komunista ng Pilipinas! Habang tumatagal ay lalong hind natitinag ang adhikain ng Partido na palayain ang sambayanan sa kuko ng Imperyalismong US at tugunan ang demokratikong interes ng magsasaka para sa lupang mabubungkal.

Kasabay nito, ang Komite Sentral sa kanyang pahayag ngayong ika-55 anibersaryo ng PKP ay nananawagan ng isang kilusang pagwawasto na dapat ilunsad ng buong kasapian ng Partido. Layunin nitong ituwid ang mga pagkakamali na kinikilala nating nagpapabalaho sa tuloy-tuloy na pag-andar ng makina ng ating mga rebolusyunaryong gawain. Kabilang dito ang suhetibismo sa anyo ng empirismo na nagresulta sa mga kritikal na pagkakamali at tunguhin, mga kahinaan at kakapusan sa ideolohiya, pulitika at organisasyon.

Galit ang masang magsasaka sa kanayunan. Kahapon, mismong araw ng Pasko nakarating sa amin ang kuwentong galit ang tao dahil nagbabahay-bahay ang sundalo sa isang barangay sa Tagkawayan. hindi raw Merry ang Pasko nila. Samantalang dito sa atin, ang masa ang napunta sa NPA. May dala pang kakanin! Sino ngayon ang tunay na terorista?

Noong Hunyo, nasaksihan natin ang pinakaengrandeng palabas sa Kapitolyo ng Quezon nang pangunahan ni Gobernadora Helen Tan ang pagdedeklarang insurgency free na ang lalawigan. May tinatawag pa silang Stable Internal Peace and Security na kategorya ng buong Quezon.

Kung anuman ang kalokohang ibig sabihin ng mga katawagang ito na sila-sila rin lamang ang naniniwala - ang gobernadora, ang mga heneral at opisyal ng 201st Infantry Brigade, 85th IBPA, at mga hepe ng pulisya - ay wala itong kahulugan at kabuluhan sa mamamayan ng lalawigan na patuloy na sadlak sa kahirapan!

Sa kasalukuyan ay patuloy ang pagbaba ng presyo ng kopra. Umaabot lamang ito sa presyong dalawampu't anim hanggang dalawampu't walong piso kada kilo (Php26-28/kg). Sa ganito, kumikita ang maglulukad ng one hundred thirty two pesos kada araw (Php132/araw) para sa tatlong linggong trabaho.

Habang ayon sa IBON Foundation, para magkaroon ng disenteng pamumuhay ang bawat pamilyang Pilipino ay dapat kumita ng Php1,160 sa bawat araw ang isang pamilya.

Samantala, patuloy ang pagtaas ng presyo ng bigas na umaabot sa

maksimum na limampu't limang piso ang pinakamababa. NFA pa yun. Bente pesos kada kilo na ang itinaas ng presyo ng bigas! Ang Bagong Pilipinas ni Bongbong Marcos ay Bigong Pilipinas!

Ang mga kalagayang iyan ang batayan kung bakit hindi nagmamaliw ang pagtataguyod at pagkilala ng mamamayan sa New People's Army. Alam ng magsasaka at aping mamamayan sa Quezon na kailanman ay hindi umaalis ang kanilang Hukbo!

Noong September 1, 2023 Biyernes ng umaga, inambus ng AMC-NPA ang siyam na sundalo at CAFGU sa Barangay Mapulot sa Tagkawayan kung saan limang ripleng M-16 ang nakumpiska ng mga kasama.

Pinatunayan ng tagumpay ng taktikal na opensibang ito na walang katotohanan ang deklarasyon ng panglalawigang pamahalaan na wala nang NPA sa Quezon, gayundin ang pananaginip ni Bongbong Marcos na wala na isa mang larangang gerilya sa bansa.

Nagkabuhul-buhol ang mga paliwanag at pagsisinungaling ni Gobernadora Helen Tan at Koronel Joel Jonson ng 85th IBPA. Ang problema ng hibang at mayabang na Koronel ay hindi nya kayang itatwa ang katotohanang hindi nawala ang NPA sa Lalawigan.

Pati ang matagumpay na pamamarusa ng NPA sa isang quarry operator sa bayan ng Unisan noong Nobyembre 8 dahil sa mapanira sa kalikasan nitong negosyo ay ibinalita ng pulis na sanhi raw ng faulty wiring ng kuryente. Aba at gusto pa nilang sisisihin ang Quezelco?!

Noong Disyembre 19, nagkaroon ng engkuwentro sa baryo ng Manato central sa bayan ng Tagkawayan. Muli na namang nagulantang ang 85th IBPA sa presensya ng Bagong Hukbong Bayan. Sari-sari ang inilabas na balita ng sundalo at pulis para pagmukhaing sila ang sinusuportahan ng mamamayan.

Samantala, noong nakaraang Nobyembre 23 ay tahimik na nilagdaan ng panel ng negosyador ng National Democratic Front of the Philippines at mga isinugong emisaryo ng Gubyerno ng Republika ng Pilipinas ang isang Joint Statement at Komunike sa Oslo, Norway. Ito ay naglalaman ng intensyon at pagiging bukas ng dalawang panig na muling simulan ang usapang pangkapayapaan na inihinto ng nagdaang rehimeng Duterte. Sinusuportahan ng AMC-NPA ang pagsisikap na ito. Pero ngayon pa lamang ay ipapaalala namin na hindi kailanman magsasalong ng armas ang NPA.

Mabunga ang buong taong 2023 na nagdaan, habang kasabay nating hinaharap ang hamon kung paano patuloy na bibiguin ang pinabangis na kontra-rebolusyunaryong gera ng kasalukuyang rehimen ni Bongbong Marcos. Hinahamon ang mga rebolusyuaryong puwersa sa lalawigan ng Quezon na tumugon sa panawagang pambansang kilusang pagwawasto.

Kaugnay nito, mayroon tayong mga kagyat at mapanlabang tungkulin:

Sa ideolohiya, patuloy tayong mag-aral ng Marxismo-Leninismo-Maoismo. Ang paglalapat lamang nito sa konkretong kalagayan, ang mga binuo nating panlipunang pagsisiyasat at pagsusuri sa uri ng ating teatro ng digma ang susi para makamit natin ang walang kaparis na paglakas sa mga susunod na panahon.

Kailangang mas pabilisin pa na bawiin at irekober ang mga base ng rebolusyon sa ating erya ng digma. Ang masang magsasaka ay dapat magbuklod sa mga balangay ng PKM, sa mga




*Nagkabuhul-buhol ang mga paliwanag at pagsisinungaling ni Gobernadora Helen Tan at Koronel Joel Jonson ng 85th IBPA. Ang problema ng hibang at mayabang na Koronel ay hindi nya kayang itatwa ang katotohanang hindi nawala ang NPA sa Lalawigan.*

suyuan, sa mga kooperatiba para tiyak na malakas ang kanilang pagharap sa bumabagsak na kabuhayan na pinalalala ng pasismo ng estado. May NPA man o wala sa kanilang lugar, kailangan nilang magbuo ng mga rebolusyunaryong samahan.

Kailangang muling palakasin ang rebolusyunaryong kilusang masa sa mga sentrong bayan at kalunsuran at pakilusin sa libo-libong ang maralitang mamamayan sa lalawigan para sa kanilang mga pambansa demokratikong interes.

Tinatawagan ang lahat ng kasapi ng Partido sa mga komiteng seksyon at sangay ng Partido sa lokalidad na idaos ang mga pulong, magtasa at muling magbuo ng plano. Itaon sa mga pulong ang muling pagbigkas sa panata natin sa Partido Komunista ng Pilipinas.

Tinatawagan ang lahat ng yunit ng Bagong Hukbong Bayan sa erya ng digma, kabilang ang mga yunit ng milisyang bayan na magbuo ng plano para sa pagpapaigting ng pakikidigmang gerilya at patuloy na biguin ang imbing pakana ng AFP-PNP na durugin ang mga rebolusyunaryong base.

Maraming salamat sa lahat ng mamamayan na hindi natibag ang paninidigan at patuloy na lumalaban at nagpapakatatag.

Sa puntong ito, nais kong banggitin ang mga natatanging pasasalamat at pagkilala sa mga kaibigan at kaalyado ng rebolusyon, at sa mga rebolusyonaryong samahang lihim na patuloy naming nakakapiling sa ngipin-sa-ngiping pakikipaglaban sa terorismo ng estado:

Ang Liga ng Agham Para sa Bayan, Compatriots-Asia Pacific, Kaguma, Artista at Manunulat Para sa Sambayanan o ARMAS - Marlon Caacbay Brigade at Kabataang Makabayan - KM-Balangay Dani Lagrama.

> *Mabilis nating ipagtagumpay ang kilusang pagwawasto, pero hindi nagmamadali! Tiyak dapat ang bawat hakbang at sabay-sabay tayong magmartsa sa walang kaparis na pagsulong!*

Natatanging pasasalamat sa mga kasama, kaibigan at mga aktibista at rebolusyunaryo sa labas ng bansa laluna sa Europa at Amerika. Partikular na pasasalamat sa Friends of the Filipino People in Struggle sa Amerika at Canada sa inyong tunay na pakikipagkaibigan at pagsuporta sa NPA sa gitna ng kagipitan at matinding focused military operations ng Kaaway.

Lahat kayo ay naging bahagi ng aming nagdaang mga taon ng pakikibaka. Maraming salamat sa patuloy ninyong pagsuporta sa Apolonio Mendoza Command!

Harapin natin ang susunod na taon na puno ng pag-asa at optimismo para sa muling pag-arangkada mula sa ating pagkakabalaho. Iwaksi ang mga bagahe at paandarin ang makina! Mabilis nating ipagtagumpay ang kilusang pagwawasto, pero hindi nagmamadali! Tiyak dapat ang bawat hakbang at sabay-sabay tayong magmartsa sa walang kaparis na pagsulong!

Hindi Krimen ang magrebolusyon! Makatwiran ang maghimagsik!

Mabuhay ang Partido Komunista ng Pilipinas! Mabuhay ang Bagong Hukbong Bayan! Mabuhay ang sambayanang Pilipino!





Pahayag ng Partido Komunista ng Pilipinas at New People's Army sa Lalawigan ng Quezon

# Pagpupugay kay Ka Ken, Ka Karen, at Ka Jeni!

*Unang inilathala noong Pebrero 1, 2023*

*Ang mga rebolusyonaryong kadre ay lumilikha ng mga buhay na kolektibo sa hanay ng mga mamamayan. Ang pagkawala ng isang kadre, ano man ang kanyang ranggo, ay hindi nangangahulugan ng pagkamatay ng buhay na kilusan. Ang halaga ng isang kadre ay nasa kanyang kakayahang lumikha ng isang bagay na patuloy sa pagkabuhay at paglago, kahit malipat na siya ng gawain o kaya'y mabilanggo o mamatay."* (Ka Joma Sison 1939-2022)

Ang mga pangungusap sa itaas ang silbing pahimakas ng rebolusyunaryong kilusan sa buong lalawigan ng Quezon para sa mga martir na sina Kasamang Joseph delos Santos, Ricanio Bulalacao at Dayna Benna Lagrama.

Si Kasamang Joseph, higit na popular sa pangalang Ka Ken sa buong South Quezon-Bondoc Peninsula (SQBP) ay magiting at matapang na pulang kumander ng Apolonio Mendoza Command. Siya ang kasalukuyang alamat ng mga magsasaka sa SQBP na kanyang pinaglingkuran bilang pulang Hukbo.

Si Kasamang Dayna naman ay kilalang si Ka Karen sa rebolusyunayong kilusang kabataang estudyante ng Quezon at Ka Joey sa mga sonang gerilya ng Bondoc Peninsula. Larawan siya ng kabataang babae na piniling tahakin ang landas ng rebolusyon para mamuno sa paglaban.

Si Kasamang Jeni o mas kilala sa kanilang lugar bilang si Ricanio Bulalacao, nagmula sa uring magsasaka. Kilalang tahimik, masipag at mabuting anak ng bayan sa kanilang lugar. Bilang mandirigma ng hukbong bayan, matapang at mapangahas niyang hinaharap ang mga atake ng kaaway kasabay ang mataas na pagpapahalaga sa usaping panseguridad sa loob ng yunit.

Namartir sila noong Enero 29, 2023 ng hapon sa Barangay Huyon-uyon, San Francisco.

Ang halaga ng buhay na ibinuwis ni Ka Ken, Ka Karen at Ka Jeni ay totoo ngang hindi ang pagkamatay ng buhay na kilusan sa mga larangang kanilang kinilusan.


Ang kanilang ibinigay na panahon sa rebolusyunaryong gawain ay nagluwal ng mga binhi ng pakikipaglaban ng mamamayan para sa demokrasya at kalayaan, na malawak na nakahasik sa puso at isipan ng uring magbubukid at aping anakpawis.

At ang katotohanang ito ng dakilang buhay ng tatlong kasamang martir ay hinding-hindi kayang pagtakpan ng tangkang paninira at pagsisinungaling ng rehimeng US-Marcos II. Kilala ng uring magbubukid at aping mamamayan sa Quezon ang kanilang tunay na kaibigan at kaaway.

Tuloy ang pagkabuhay ng mga binhing isinaboy ni Ka Ken, Ka Karen at Ka Jeni. Tuloy ang paglago. Hanggang sa pag-ani sa panahon ng tagumpay.

Ibinibigay ng Komite ng Partido Komunista ng Pilipinas sa lalawigan ng Quezon, kasama ang Apolonio Mendoza Command at buong rebolusyunaryong mamamayan - ang pinakamataas na parangal at pagpupugay kina Ka Ken, Ka Karen at Ka Jeni.

Pulang saludo sa inyong kadakilaan!



# KA KEN, PULANG KUMANDER: ALAMAT NG SQBP

## Magsisilbing huwaran ng katapangan, katatagan at walang pag-iimbot na paglilingkod sa sambayanan at sa rebolusyon.

Hindi mapagkakaila sa buong South Quezon-Bondoc Peninsula ang katanyagan ng pangalang Ka Ken.

Sa mga kaaway, ang pangalan na iyan ay naghahatid ng pangamba at pagkatakot dahil sa katapangang ipinamamalas sa mga labanan habang itinatambol naman ng mamamayan ang walang kaparis na kabayanihan, pagkilala at pagdakila ng masang anakpawis na buong pusong pinaglingkuran ni Ka Ken.

Si Joseph Delos Santos o mas kilala bilang Ka Ken sa maraming baryo at bayan sa SQBP ay ipinanganak sa bayan ng Lopez sa lalawigan ng Quezon.

Nagmula siya sa uring magsasaka. Kahit nakaranas ng kaunting kaalwanan o may kayang buhay noong kabataan, nabuksan ang isip niya sa rebolusyonaryong pagkilos.

Nakatungtong siya ng hayskul ngunit hindi na nakatapos dahil sa matinding panggigipit ng kaaway sa kanilang pamilya. Nananalaytay kay Ka Ken ang dugo ng pamilyang rebolusyonaryo na ipinasa ng kanyang mga magulang. Ang kanyang ama matapos makaranas ng panggigipit ng kaaway ay nagpasyang sumampa sa Bagong Hukbong Bayan at dito na rin namartir habang ang kanyang ina, si Fe Delos Santos, ay naorganisa sa hanay ng mga kababaihan sa kanilang baryo bago siya walang pakundangan na pinatay ng kaaway noong Marso 2018.

### Lider-kabataan

Sa edad na 13 taong gulang namulat na si Ka Ken sa rebolusyonaryong kilusan. Naging tim lider siya ng binuong grupo ng mga kabataan sa kanilang baryo. Pinangunahan niya ang pagpapagana at pamumuno sa naturang grupo. Masikhay silang nagtataguyod sa yunit ng hukbo tulad ng pagtitiyak sa pagkain at suplay ng mga kasama.

Sa panahong ito, kinakitaan na ng katapangan si Ka Ken dahil katuwang siya ng hukbo sa pag-uulat, panunugsog at pagsisiyasat sa kilos ng kaaway. Hindi rin lumaon, nagpasya siyang sumapi sa Bagong Hukbong Bayan at apat pa sa mga kasamahan niya sa grupo.

### Pulang Kumander at Kadre ng Partido

Hindi matatawaran ang naging papel at ambag ni Ka Ken sa lahatang panig na pagsusulong ng rebolusyonaryong gawain sa buong SQBP. Simula noong sumampa siya bilang hukbo at maging kasapi ng Partido noong 1998 walang patlang ang kanyang pagsisilbi hanggang sa huling sandali ng kanyang buhay. Inialay niya ang 24 taon ng kanyang buhay sa rebolusyonaryong kilusan.



Hindi matutumbasan ang lalim ng kanyang pagkilala kapwa sa eryang kinikilusan at sa baseng masa. Ang lampas sa dalawang dekadang pagkilos ang nagbigay ng karanasan at balon ng kaalaman para sa mga matatalas na pagsusuri at hakbangin. Matalas siyang kumilatis kahit bagong kakilalang kasama at masa. Sa mga pagkakataong makakalampi ang mga kasama sa masa, laging isa si Ka Ken sa mga bukambibig na pangalan ng kilala nilang NPA.

Sa kabila ng kapansanan, hindi ito nagpalimita sa

pagtanggap at pagtupad niya ng misyon bilang kumander at kasapi ng partido, gawaing militar man o gawaing masa. Napakalapit niya sa masa. Nagiging pangkaraniwan ang kanyang mga imik at naiintindihan ng masa at kasama dahil sa kanyang malalim at mainit na integrasyon sa kanila.

Hindi natinag ang kanyang pagtangan sa prinsipyo at paninindigan sa rebolusyon sa kabila ng mga kahirapan at sakripisyo, usaping personal at sa organisasyon. Maraming mga sinuong na gipit na sitwasyong isa si Ka Ken sa nagtaguyod. Nalampasan at pinanday si Ka Ken ng ilang panahon ng matitinding labanan. Ika nga ng mga kasama, siya lagi ang kumander ng mga yunit na kumaharap ng mga krisis at gipit na sitwasyon. Sa mga panahong ito, lagi siyang makikitaan ng katatagan at katapangan. Walang panahon na kinakitaan ng panghihina ng loob na isinasalin niya sa kanyang pinamumunuan: ang kapasyahan at kabuuan ng loob sa pagharap sa kaaway.

Maraming mga taktikal na opensibang pinamunuan si Ka Ken na nagbigay hustisya sa inaaping mamamayan ng lalawigan. Ilan sa mga naging matatagumpay na opensibang ito ay ang ambus noong Marso 24, 2014 sa Brgy. Cogorin Ilaya, Lopez, Quezon kung saan namatay si Lt. Reynaldo Blancada ng 85th IBPA at 8 pang sundalo. Pinamunuan din niya ang nagkaka-ilang pamamarusa sa mga makinarya sa paniktik ng 85th IBPA at sa ilang kaaway sa uri.

Ito ang mga taktikal na opensibang bumasag sa atrosidad at paglabag sa karapatang pantao sa SQBP matapos ang pagpakat ng 8 batalyon ng AFP noong taong 2012.

Marami pang mga matatagumpay na taktikal na opensibang naging bahagi si Ka Ken. Kaya kung may baril lang si Ka Ken kahit sa huling labanan tiyak hindi makakaligtas ang kaaway at ibubuhos niya ang kanyang buong tapang. Tinitiyak niyang makakalaban siya at ang kanyang yunit.

Saksi si Ka Ken sa mga panahon ng pagbawi, pagpapalakas at pagpapalawak. Laging bahagi siya sa mga misyon ng pagbabalik at pagkilos sa mga erya na nasa tungki ng ilong ng kaaway. Buong kapangahasang sumusuong si Ka Ken sa mga krusyal na misyon.

> *Maraming mga taktikal na opensibang pinamunuan si Ka Ken na nagbigay hustisya sa inaaping mamamayan ng lalawigan.*



**Kasama, Kapamilya at Kaibigan**

Sa kabila ng mga tagumpay na nakamtan, nanatiling mapagpakumbaba si Ka Ken sa mga kasama. Hindi siya kakikitaan ng pagmamayabang at arogansya sa kanyang mga naging karanasan.

Maunawain at maalaga sa mga kasama. Laging nasa isip niya kung paano maililigtas ang mga kasama.

Ang katangian niyang mapagbiro at mapang-asar na minsang pagkakamalan na parang galit o seryoso ay paraan lamang niya upang ilapit ang sarili sa mga kasama. Ito ang pamamaraan niya upang makapalagayang loob at hindi mahiyang makipag-usap sa kanya ang mga kasama, babae man o lalaki.

Mauukit sa bawat puso't isipan ng mamamayan ng lalawigan ang tao sa likod ng pangalan na Ka Ken. Kahit anong paninira at pagsisinungaling ng berdugong sundalo sa katauhan ni Ka Ken, hindi kayang baguhin at dungisan ang dalawang dekadang pag-aalay ng kanyang buong buhay para sa mamamayan at sa rebolusyon.

Sa pagkamartir ni Ka Ken, magiging haligi at alamat sa buong lalawigan ang kanyang katauhan na magsisilbing inspirasyon at huwaran sa marami pang kabataan at magsasaka na tumangan ng armas para isulong ang digmang bayan.

# KA JENI, MABUTING ANAK NG BAYAN AT BAYANI NG SAMBAYANAN!



Buong giting na ipinamalas ni Ka Jeni ang kapasyahang lumaban at ipagtanggol ang sambayanan. Isa si Ka Jeni sa namartir sa labanan noong Enero 29, 2023 sa Brgy. Huyon-uyon, San Francisco, Quezon.

Nagmula sa Brgy. San Francisco B, Lopez, Quezon si Ricanio Bulalacao o mas kilala bilang Ka Rostum at Ka Jeni sa rebolusyonaryong kilusan. Panganay siya sa tatlong magkakapatid. Sa murang edad, naranasan na niya ang masalimuot na buhay dahil sa kahirapan. Kinailangan na niyang tumulong sa pagtataguyod sa pamilya at mga kapatid mula nang maghiwalay ang kanyang mga magulang at magkasakit ang kanyang nanay.

Isa din si Ka Jeni sa mukha nang kawalan ng serbisyo ng gobyerno. Nakatungtong lamang siya ng Grade 1. Dahil sa kasalatan sa pag-aaral, naging biktima si Ka Jeni ng pananakit at pagmamalupit sa mga natutuluyan niya. Nagpaikot-ikot na siya ng paninirahan para makaligtas siya sa pagmamaltrato.

Inilaan na lamang niya ang kanyang panahon sa pagtatanim sa kaingin at iba pang-trabahong ang puhunan niya ay lakas paggawa.

Sa pagpalipat-lipat niya ng lugar paninirahan, doon niya nakilala ang mga pulang mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan.

## Pulang Mandirigma

Namulat si Ka Jeni sa rebolusyonaryong kilusan sa palagiang pakikisalamuha sa pulang hukbo. Napabilang siya sa grupo ng mga magsasaka sa kanilang lugar. Naging aktibo siya sa mga suyuan kung saan nagtatanim at pinapaunlad ng kanilang grupo ang mga kaingin.

Naging katuwang siya bilang taguyod sa seguridad at pangangailangan ng mga yunit ng NPA na napapadaan sa kanilang lugar. Nakahiligan niyang makisalamuha sa mga pulang mandirigma hanggang sa magpasya na din siyang buong panahong kumilos sa Bagong Hukbong Bayan.

Sa kabila ng mga limitasyon sa literasiya, gumampan si Ka Jeni bilang mandirigma ng mga tungkulin at misyon na umambag sa pang-araw-araw at pangkabuuang pagsulong ng rebolusyon. Tulad ng higpit ng pagtuwang niya sa usaping panseguridad sa hukbo noong masa pa lamang siya naging mahalagang papel din ito ni Ka Jeni sa yunit ng hukbong kinabibilangan niya. Matalas at walang nakakaligtas na obserbasyon kay Ka Jeni.

Ilang pagkakataong nagpakita ng katapangan at kapangahasan si Ka Jeni sa pagharap sa kaaway. Walang tanggi at buo ang loob na tumatanggap ng mga misyong militar si Ka Jeni. Maraming mga taktikal na opensibang nakalahok siya. Kahit noong kumikilos pa lamang siya sa kanilang lugar, mapangahas niyang sinusugatan at pinipinsalaan ang kaaway.

Isa si Ka Jeni sa nagpakita ng kapangahasan at katapangan sa pagharap sa kaaway kahit sa panahon ng ligalig at kagipitan.

## Mabuting Anak ng Bayan

Tahimik lamang si Ka Jeni sa unang tingin lalo sa mga hindi pa nakakakilala sa kanya. Patingin-tingin o di kaya pangiti-ngiti lamang sa mga kasama. Ngunit mabiro at puno ng kwento na binabahagi niya sa mga kasamang nakakapalagayang loob at itinuring na din niyang pamilya. Maalalahanin at laging tinitiyak ang kapakanan ng kanyang mga kasamahan.

Dumadaan din siya sa panahon ng mga kontradiksyon sa pamilya. Laging nasa isip at inaalala ang kanyang ina at mga kapatid. Kahit mababa ang kanyang literasiya, nagsikap siyang matutong manggamot sa loob ng yunit ng hukbo dahil sa kagustuhan niyang mailapat ang kanyang kaalaman upang mapagaling ang kanyang ina.

Masipag na kasama si Ka Jeni lalo sa gawaing produksyon ng yunit ng hukbo. Naging malapit din siya sa mga anak ng masa na itinuring din niyang mga kapatid. Kaya kinagiliwan siya ng masang nakakasalamuha ng hukbo.

Pinagsusumikapan din niyang matutong magbasa at magsulat sa tulong na din ng mga guro niyang hukbo.

Madaling tumanggap si Ka Jeni ng kanyang mga kahinaan at pagkakamali. Sa tulong ng mga paliwanag at pagtuturo ng mga kasama, mapagkumbaba siyang umaako at nagwawasto.

Si Ka Jeni ay larawan ng karaniwang mamamayang inaapi at pinagsasamantalahan: dumaan sa hindi matapos-tapos na siklo ng kahirapan. Hanggang siya ay namulat sa kawastuhan ng rebolusyon.

Ang paglahok sa armadong pakikibaka bilang tanging pag-asa sa pagbabago ng lipunan, ang landas ng rebolusyon na tinanganan ni Ka Jeni ay magsisilbing hamon sa mga mabubuting anak ng bayan.

Ipagpatuloy at isulong ang digmang bayan!

# IPAGBUNYI ANG KABAYANIHAN NI KA KAREN!

## Kabataan, tumungo sa kanayunan, mag-armas, lumahok sa digmang bayan!

**Karen: Kabataang Makabayan**

Taong 2011, matapos makapag-aral ng Maikling Kurso sa Lipunan at Rebolusyong Pilipino, naging kasapi si Ka Karen ng rebolusyunaryong samahan ng Kabataang Makabayan. Simula noon, walang patlang na labindalawang taon, hanggang sa kanyang huling hininga – siya ay rebolusyunaryo.

Ipinanganak si Kasamang Dayna Benna Glorioso Lagrama noong June 16, 1992. Tubong-Pagbilao si Dani, ang kanyang palayaw sa kanilang pamilya at mga kaibigan.

Nagtapos ng elementarya si Dani sa Pagbilao Central Elementary School at nag-high school sa Sacred Heart College sa Lucena City.

Sa mga taong 2009 hanggang 2015, nasa kolehiyo siya ng Manuel S. Enverga University Foundation at Southern Luzon State University. Nagtapos siya ng kursong B.S. Biology sa main campus ng SLSU sa Lucban.

Bago pa naging aktibistang estudyante si Dani, aktibo siyang lumalahok sa mga samahang pampaaralan kahit noong nasa high school pa siya.

**Si Dani at ang Save Bondoc Peninsula Movement**

Noong 2012, tinambakan ng walong batalyon ng pinagsanib na AFP-PNP-CAFGU ang South Quezon Bondoc Peninsula. Lumaganap ang krimen at atrosidad ng sundalo at pulis sa mga magsasaka ng lalawigan. Ang kampanyang anti-pasista na inilunsad ng ligal na demokratikong kilusang masa ay nagsilbing alternatibong eskuwelahan kay Dani.

Kasabay ng kanyang pagkokolehiyo, namuno siya sa pakikibakang masa para iligtas ang mamamayan ng SQBP sa terorismo ng estado. Dinala niya sa loob ng paaralan ang usapin ng pagtatanggol at pangangalaga sa karapatang tao at iba pang isyung panlipunan.

Ginawa niya ito sa pamamagitan ng pag-oorganisa ng mga porum-talakayan, art exhibit, mga music concert kunsaan daan-daang kabataang estudyante ng Enverga University at SLSU ang napalahok. Nanguna rin si Dani sa pag-oorganisa ng kabataang kababaihan para sa samahang Gabriela-Youth.

Sa loob at labas ng paaralan, kasama siyang nagpasigla ng Guni-Guri Collective, isang grupo ng mga artistang pangkultura sa lalawigan.

Ang mga taong 2012 hanggang 2015 ang masasabing rurok ng kilusang kabataang etudyante sa Quezon, at ang paglakas ng kilusang ito ay hindi maaaring ihiwalay kay Ka Karen.

Noong 2014, muling pinamunuan ni Dani ang isang panlalawigang kampanya matapos salantain ng Bagyong Glenda ang Quezon. Sa pagkakataong ito, hindi na lamang estudyante sa loob ng paaralan ang napakilos nina Dani, kundi pati mga kabataan at mga residente ng maralitang komunidad.

Malapad na alyansa ang nabuo nina Dani para sa layuning ibangon ang probinsya mula sa pagpapadapa ng Bagyong Glenda – mga karaniwang tindero, mga BMX rider, LGBTQ, doktor, titser, mga relihiyoso at iba pang sektor ng lipunan ang napalahok nila sa malalaking fund raising activity sa Lucena, sa Lucban, sa Atimonan, sa Tayabas at sa iba pang panig ng lalawigan.



Libo-libong piso ang halaga ng natipon nila, bukod pa sa mga pagkain at pangunahing pangangailangan para ipantulong pangunahin sa mamamayan sa dulong Quezon o Bondoc Peninsula.

Si Dani ang punong opisyal ng hayag na kilusang masa sa Quezon na sumalubong sa libo-libong lumad sa kauna-unahang Manilakbayan noong Oktubre 2014.

**B I G K I S A N**

Walang kapaguran si Dani. Sa pagitan ng tinatapos niyang thesis sa kursong B.S. Biology, pagiging tagapangulo ng Student Council ng SLSU at pamumuno sa kilusang kabataang estudyante sa buong lalawigan – nanguna siya sa isa pang malakihang pagkilos noong October 2015 na sa kasaysayan ng Quezon ay kasunod sa pinakamalaking mobilisasyon matapos ang rali sa Guinayangan noong 1981.

Tinaguriang Bigkisan ng Mamamayan, hindi bababa sa limang libong magsasaka at iba pang sektor ang sabay-sabay na lumabas noong araw na iyon at nagkawit-bisig para manawagan ng pagpapatupad ng tunay na reporma sa lupa at pagsasauli ng bilyong pondo ng coco levy sa mga magsasaka sa niyugan.

Habang inuorganisa ni Dani ang pagkilos sa buong probinsya na nilahukan ng halos lahat ng bayan sa SQBP, naroon siya sa bayan ng San Francisco para pangunahan ang pagpapakilos ng umabot sa mahigit 2,000 magbubukid.

Para ganap na dalhin sa militanteng paglaban ang Bigkisan, tatlong araw na isinara at inokupa ng may isang libong magsasaka ang United Coconut Planters Bank sa Lucena City.

Si Dani ang susi sa mga pagkilos na ito.

**Makabayan**

Noong 2016, si Dani ay naging pamprobinsyang coordinator ng Makabayang Koalisyon ng Mamamayan. Nagkaroon siya ng pagkakataong makaikot sa buong Quezon para makapanayam ang mga kandidatong pulitiko.

Kagaya ng kanyang mga naunang rekord, lahatang panig na naisulong ni Dani ang kampanyang elektoral sa lalawigan. Nagresulta ito ng pagkakaorganisa ng maraming mamamayan na kumikilala at sumusuporta sa pambansa demokratikong adhikain.

Pagdating ng 2017, mapangahas at buo ang loob na inilubog ni Ka Karen ang kanyang sarili sa gawaing masa. Tinanggap niyang madeploy sa Bondoc Peninsula para doon ay direktang makipamuhay sa uring api sa kanayunan at pangunahan ang mga kampanyang magbubukid.

Si Ka Karen ang muling nagbukas ng laban ng magsasaka sa Asyenda Matias at Asyenda Uy. Siya rin ang nag-organisa sa kilusang kababaihan sa kabayanan ng San Francisco. Mahal na mahal si Ka Karen ng mga nanay sa maralitang komunidad ng poblacion ng bayang ito.

Habang nasa gawaing masa, si Ka Karen ang tumatayong Pangalawang Kalihim sa Edukasyon ng komite ng Partido sa puting purok ng lalawigan.

**Pulang Paaralan**

Kasunod ng pagiging kasapi ng rebolusyunaryong Kabataang Makabayan, hindi nagdalawang-isip si Ka Karen na tanggapin ang paanyaya ng Partido Komunista ng Pilipinas na maging miyembro nito.

Sumumpa siya bilang kandidatong kasapi noong Hulyo 2012, at naging ganap na kasapi noong Agosto ng sumunod na taon.

Palibhasa'y kabataang intelektwal, masipag na nag-aral at nagbasa ng mga sulating Marxista-Leninista-Maoista si Ka Karen. Paborito niya ang Imperyalismo ni V. Lenin. Paborito rin niyang paksa ang materyalismong istoriko at kasaysayan ng Pilipinas.

Hindi makakalimutan ng mga kasama nang maging instruktor siya ng Batayang Kurso ng Partido noong Abril 2015. Inilunsad ito sa loob ng yunit ng Bagong Hukbong Bayan. Ang panahon ng pag-aaral ng BKP ay panahon din ng graduation ceremony niya sa SLSU.

Kahit inoobliga na siyang lumabas ng mga kasama para maghanda sa kanyang graduation, sinigurado muna niyang matapos ang kanyang paksang ituturo bago nagpaalam.

Batid ni Ka Karen ang superyoridad ng Pulang Paaralan.

**Ang Pulang Hukbo: Si Ka Joey sa loob ng mata-ng-unos**

Enero 2018, sumampa siya sa Bagong Hukbong Bayan, gamit ang pangalan sa pakikibaka na Ka Joey.

Sa isang yunit ng Apolonio Mendoza Command sa Bondoc Peninsula siya nadestino. Antemano ay kagawad ng Komiteng Larangan si Ka Joey at isa sa mga giyang pampulitika ng kanilang yunit.

Ang reyd sa Tumbaga Ranch noong Pebrero 27, 2018 ang binyag-sa-apoy ni Ka Joey. Matagumpay nilang nadis-armahan ang mga bayarang goons at CAFGU sa naturang rantso at nakasamsam sila ng anim na ripleng M-16 at marami pang kagamitang militar.

Kuwento ni Ka Joey, pagkatapos ng reyd ay iniabot sa kaniya ng kanilang kumander ang isa sa mga nakumpiskang

> *Wala na rin akong alam gawin kundi ang magrebolusyon, kung mawawala o aalis ako hindi ko alam kung anong gagawin ko. Bagama't nakatapos ako at pwede akong maghanapbuhhay ay hindi ko pa rin kayang ihiwalay ang sarili ko sa kilusan.*

M-16 rifle at sinabing mula sa araw na iyon ay kanya na ang baril.

Buwan ulit ng Pebrero, taong 2020, kabilang si Ka Joey sa platun ng gerilyang nang-ambus sa sasakyan ng pulis sa San Narciso. Pamamarusa ito ng yunit nina Ka Joey sa mahabang kriminal na rekord ng pulisya sa pangongotong at pagiging protektor ng iligal na gawain sa mga bayan ng Bondoc Peninsula.

Medalya ng kabayanihan ni Ka Joey ang pagliligtas niya sa isang tim ng NPA noong madaling araw ng Pebero 5, 2021.

Kalmado nyang isinasalaysay ang pangunguna niya sa paggigiya sa tim na napahiwalay matapos maambus ang kanilang yunit. Ang kapayapaan ng kanyang kalooban sa gitna ng panganib ay katulad ng kawalan ng anumang ligalig sa loob ng mata ng unos.

Mahihinuhang sa kanyang huling hugot ng hininga nang mamartir siya sa labanan noong Enero 29, hindi takot ang laman ng kanyang isip, kundi poot ng paglaban sa kaaway ng rebolusyon, at kapayapaan ng damdaming inialay na niya ang kaisa-isang buhay para sa bayan.

Saad ni Ka Joey sa kanyang Rebolusyunaryong Talambuhay noong Oktubre 2017:

"Eksayted na akong mag-December, nakalugar na ako sa pagpakat ko sa Sonang Gerilya. Ang kamatayan naman ay hindi maiiwasan sa bahagi ng pagrerebolusyon, sa bahagi ko handa na ako na harapin ang kamatayan.

Wala na rin akong alam gawin kundi ang magrebolusyon, kung mawawala o aalis ako hindi ko alam kung anong gagawin ko. Bagama't nakatapos ako at pwede akong maghanapbuhhay ay hindi ko pa rin kayang ihiwalay ang sarili ko sa kilusan."

### Kusinera, Mananahi

Maaalala ng mga kasama sa Hukbong Bayan si Ka Joey na mahusay mangusina at manahi. May mahabang panahon na siya ang naging opisyal sa lohistika ng kanilang platun. Parte nito ang pag-oorganisa sa kusina.

Ang biruan, kapag si Ka Joey ang Por, walang magugutom. Ikinasasaya niya ang pagluluto at paghahanda ng masasarap na pagkain para sa mga kasama.

Paborito ring pagkaabalahan ni Ka Joey ang pananahi. May pangyayaring ipinagtahi niya ng bag na lagayan ng bigas ang buong pormasyon nila. Maging ang mga sabunan at lagayan ng gamit personal ay tinatahi ni Ka Joey para sa mga kasama.

Kailangang itago kay Ka Joey ang mga nagamit na sako dahil siguradong iimisin niya ito para tahiin at magkaroon ng panibagong silbi.

Ganoon nga si Ka Joey, hinahanapan ng kabuluhan ang mga bagay sa kanyang paligid. Kagaya ng karaniwan, puno ng kontradiksyon si Ka Joey sa personal at usapin sa loob ng kilusan. Pero karaniwan na rin nga sa kanya ang sangangdaan.

Noong Disyembre, nanindigan siya na mananatili sa loob ng Hukbong Bayan para gampanan ang kanyang mga rebolusyonaryong tungkulin. Sa kabila ito ng matinding krisis na kanyang pinagdadaanan.

Ipinakita, sa gayon, itinuro niya sa kapwa-rebolusyunaryo kung paano ang tamang paghawak sa napakahirap na sitwasyon at paano ipailalim ang sarili sa napakadi-komportableng kalagayan ng pagrerebolusyon.

Ito ang napakahalagang aral na ambag ni Ka Karen bago siya namartir.



**Ka Abet Peninsula**
**Tagapagsalita**
**Kabataang Makabayan - Balangay Dani Lagrama**
**Lalawigan ng Quezon**

KABATAANG MAKABAYAN
Balangay Dani Lagrama
Lalawigan ng Quezon

Sa kabila ng mga internal na balakid at banta ng pasistang estado ngayong taon, mapagpasya itong hinaharap ng mga kabataan at estudyante ng lalawigan ng Quezon para patuloy na palakasin ang pag-alab ng dekadang pagsusulong natin ng pambansang demokratikong rebolusyon.

Taas kamaong binabati ng Kabataang Makabayan - Balangay Dani Lagrama (KM-DL) ang pinakamamahal nating Partido Komunista ng Pilipinas sa ika-55 taong pagdiriwang nito ng pagkakatatag.

Kasabay nito ang pagpaparangal sa buhay na inialay nina Ka Ka Benito Tiamzon, Ka Wilma Austria-Tiamzon, Ka Jude Fernandez, Ka Josephine "Sandy" Mendoza, at Ka Emmanuel "Alfie" Nazareno at Kasamang Joma Sison.

Natatanging pagdakila naman ang aming pinaaabot kina Kasamang Joseph "Ka Ken" delos Santos, Ricanio "Ka Jeni" Bulalacao at lalo't higit kay Dani "Ka Karen" Lagrama. Walang kaparis ang kanilang pag-aalay ng buhay para sa rebolusyunaryong kilusan at mamamayan ng Bondoc Peninsula.

Para sa mga kabataan at estudyante ng lalawigan, huwaran and dakilang sakripisyo ni Ka Karen para itaguyod ang kagalingan hindi lamang ng aming sektor kundi pati sa pagtatanggol ng karapatan ng mga aping magsasaka at mamamayan ng Quezon. Ang kaniyang hindi mapaparisang ambag sa rebolusyonaryong kilusan ng mamamayan ang nagbibigay inspirasyon sa amin upang mapagpasya at mapangahas na isulong ang mga anti-imperyalista, anti-pyudal at anti-pasistang pakikibaka. Gayundin, para lubusang ilantad at labanan ang kolonyalisado, komersyalisado at pasistang katangian ng edukasyon—na walang pinagbago, sa halip ay lumala pa matapos ang 'new normal.'

Bago pa man mapagpasyang tahakin ni Ka Karen ang buhay at pakikibaka sa sonang gerilya noong 2018, aktibo nang lumalahok si Ka Karen sa iba't ibang aktibidad pampaaralan para iabante ang kagalingan at karapatan ng kaniyang mga kapwa estudyante. Ganap siyang namulat nang tumuntong siya sa kolehiyo at nag-aral sa Manuel S. Enverga University Foundation at Southern Luzon State University.

Nanguna si Ka Karen sa paglulunsad ng mga porum-talakayan, art exhibit at iba pang porma ng mga pag-aaral upang makapag-organisa ng mga kapwa estusyante at makapagpalalim ng kaalaman sa tunay na kalagayan ng lipunan. Kasabay ng pagiging mag-aaral sa kursong BS Biology, nagsilbi rin bilang tagapangulo ng Student Council ng SLSU sa pamantasan si Ka Karen—patunay na ang primaryang interes niya ay ang pagsilbihan ang malawak na hanay ng masang api.

Habang tinatapos niya ang kaniyang thesis, ginagampanan niya ang mga tungkulin sa pagiging lider-estudyante. Primarya niyang tinugunan ang pagtitiyak sa malakihang pagkilos noong buwan ng Oktubre taong 2015, kung saan 5,000 magsasaka at iba pang sektor ang nagsama-sama para ipanawagan ang pagpapatupad ng tunay na repormang agraryo at pagbabalik ng pondo ng coco levy sa mga magsasaka't magniniyog sa probinsya.

Ang nakapanlulumong kalagayan ng mga magbubukid at ang kagustuhang baguhin ang kronikong sistema ang nagtulak kay Dani upang iangat sa pinakamataas na porma ang kanyang pakikibaka. Kaya taong 2018, bitbit ang rebolusyonaryong diwa at ginintuang puso para itaguyod ang karaparan ng nakararami, buong loob na nagpasya si Dani na sumapi sa Bagong Hukbong Bayan.

Marapat na dakilain ang sakripisyo ni Ka Karen para sa mga kabataan, mamamayan, bayan at rebolusyon, idinadambana namin sa kaniya ang opisyal na pagpapangalan sa balangay ng Kabataang Makabayan sa Quezon. Patuloy ang pagpapalakas at pagpapatatag ng Balangay Dani Lagrama laluna sa tumitinding krisis sa ekonomiya at girian sa pulitika ng mga pangkatin ng pamilyang Marcos at Duterte.

Hamon ngayon sa mga kabataan na paghalawan ang buhay pakikibaka ni Ka Karen upang isulong sa walang kaparis na antas ang pambansang demokratikong rebolusyon. Gamiting inspirasyon ito upang puspusang iwasto ang mga naging kamalian at paunlarin ang mga naging kahinaan. Pandayin ang mga sarili at kolektiba sa turo ng Marxismo-Leninismo-Maoismo at wastong ilapat ito sa pang-araw-araw na mga gawain. Palagiang balikan rin ang mga suri't aral ni Kasamang Joma Sison upang matalas na kumpunihin ang mga naging kamalian at kahinaan.

Panawagan sa mga kabataan na mapagpasyang harapin ang mga sakripisyo upang puspusang isulong ang demokratikong rebolusyon bayan! Dakilain si Ka Dani Lagrama! Mabuhay ang Kabataang Makabayan! Mabuhay ang Partido Komunista ng Pilipinas!

**Ka Trinidad Ramirez**
**Chairperson**
**Liga ng Agham Para sa Bayan**

Liga ng Agham Para sa Bayan

Pagbati at pagsaludo sa inyong mga larangan na sa gitna ng walang habas na paghahalukay ng mga asong-ulol at demonyong AFP at PNP sa kanayunan, naisakatuparan ninyo ang selebrasyon ng ika-55 anibersaryo ng ating Partido. Muli ninyong pinatunayan na walang imposible at kayang isakatuparan ang mga mahihirap na gawain basta bitbit ang rebolusyonaryong tapang at talino kasabay ang mahigpit na suporta ng masa sa kanayunan.

Pulang saludo sa lahat ng ating mga martir at bayani na nag-alay ng kanilang lakas, talino at buhay para sa pagsusulong ng ating rebolusyon at pagtataguyod ng interes ng mga inaapi at pinagsasamantalahang mamamayan. Di kumukupas na ningning at tunay na inspirasyon sila sa ating patuloy na pagrerebolusyon hanggang tagumpay!

Kamusta kayo mga kasama? Hangad namin ang lagi ninyong kaligtasan at tagumpay sa pagsusulong ng armadong pakikibaka, rebolusyong agraryo, at pulang kapangyarihan sa kanayunan.

Sa hanay naman ng Liga ng Agham para sa Bayan (LAB), kasama ang mga rebolusyonaryong tagapagtaguyod ng kalikasan, patuloy ang pagsulong ng aming gawain.

Hayaan ninyong banggitin ko dito ang ilang mga tagumpay upang makapagbigay sa inyo ng munting ngiti at maliit na tuwa sa inyong selebrasyon.

Tuloy-tuloy ang konsolidasyon at pagtatayo ng mga balangay ng LAB sa ibat ibang lugar tulad ng eskwelahan at opisina. Tulad ng mga nabanggit sa huling pahayag ng PKP, binabalikan ang mga batayang dokumento tulad ng Partikular na Katangiaan ng Ating Digmang Bayan at Ang Ating mga Mahigpit na Tungkulin, ito ay para mahigpit na tanganan ang mga tungkulin para sa pag-aambag sa pagpapataas ng ating digma.

Patuloy na lumalaki ang mga pangmasang organisasyon na aming pinapangunahan sa hanay ng sektor ng syentista at teknolohista (S&T) at mga tagapagtaguyod ng kalikasan. Ito ay balong malalim para sa pagrerekluta ng mga rebolusyonaryo at suporta para sa rebolusyon.

> *Kailangang puspusan at abot kaya ang maging pag-ambag namin para sa lahatang panig na pag-unlad ng ating rebolusyon. Ito ang pangako namin sa inyo ngayon taon.*
>
> *Patuloy at ubos kayang paglahok sa anti-pasista, anti-imperyalista, at anti-pyudal na mga pakikibaka.*

Maraming mga taktikal bagamat maliliit na tagumpay kaming nakuha sa pagsusulong ng mga kampanya na nagtataguyod ng mga karapatan at kagalingan ng sektor at ng buong mamamayan. Isa na dito ang paglakas ng kampanya laban sa anti-mahirap at anti-kalikasan na reklamasyon. Patuloy din ang paglahok ng sektor ng S&T sa iba t ibang laban tulad sa pagpapataas ng sahod ng manggagawa, jeepney phase-out, pagpapalitaw ng mga desaparacidos at paghingi ng hustisya sa mga biktima ng karahasan, paglaban sa confidential funds, paglalantad ng dayaan sa 2022 eleksyon, at marami pang iba.

Lumalakas ang aming gawaing internasyunal sa usapin ng pagtataguyod ng karapatan ng mamamayan, hustisyang pangklima, at pagpapalakas ng suporta sa laban ng mamamayan sa Pilipinas. Laging taglay ang mga gawaing ito sa balangkas ng anti-imperyalista at pagkuha ng suporta para sa pambansang demokratikong rebolusyon sa Pilipinas.

Dumami ang mga materyal at pinansyal na napapasulpot namin para sa pagsuporta sa ating Hukbo at mga rehiyon sa kanilang mga gawain. Isa na ang mga larangan sa rehiyon ng Timog Katagalugan ang napapaabutan namin ng maliliit na tulong.

Ganumpaman mayroon pa din kailangang lagpasan na kahinaan at iwastong mga maling gawi sa aming

hanay. Tulad nang nabanggit sa pahayag ng Komite Sentral sa ika-55 anibersaryo ng ating Partido, kailangan ilunsad ang kilusang pagwawasto sa aming hanay upang makatulong sa aming pagpapalakas at pagwawaksi ng aming mga kamalian at kahinaan habang pinaparami ang aming mga tagumpay at patuloy at kumprehensibong pinapalakas ang LAB.

Kailangang puspusan at abot kaya ang maging pag-ambag namin para sa lahatang panig na pag-unlad ng ating rebolusyon. Ito ang pangako namin sa inyo ngayon taon.

Patuloy at ubos kayang paglahok sa anti-pasista, anti-imperyalista, at anti-pyudal na mga pakikibaka. Pagtataguyod ng mga usapin sa hanay ng S&T at isyung pangkalikasan.

Pagpaparami, pagpapalakas at pagpapalawak ng Liga ng Agham para sa Bayan at kilusang lihim sa sektor ng S&T.

Papalapad at paparaming suporta at alyansa para sa pakikibaka ng mga demokratikong karapatan ng mamamayan at laban sa rehimeng US-Marcos Jr.

Pagpapalaki ng suportang materyal hanggang pagpapasampa ng mga tauhan sa ating Bagong Hukbong Bayan at mga rehiyon.

Puspusang mag-ambag sa pagpapalakas ng anti-imperyalistang internasyunal na solidaridad at pagkuha ng suporta para sa pambansang demokratikong rebolusyon.

Mabuhay ang Partido Komunista ng Pilipanas! Mabuhay ang Bagong Hukbong Bayan! Mabuhay ang Liga ng Agham para sa Bayan!

Iwasto ang mga kamalian, lagpasan ang mga kahinaan, kamtin ang mas maraming tagumpay! Isulong ang demokratikong rebolusyong bayan hanggang tagumpay!

**Pahayag ng Pakikiisa ni Ka Rocks**
**Isang dayuhang kasapi ng Partido Komunista ng Pilipinas, aktibong kagawad ng Sangay ng Partido sa kanilang bansa**

Warm and militant greetings on this special day. Today, Dec 26th, 2023, marks the 55th Anniversary of the Communist Party of the Philippines. It also marks 130 years since the day that Comrade Mao Zedong was born. It is appropriate that these two occasions share a date because the teachings of Comrade Mao have been instrumenal in shaping the Philippine Revolution into what it is today.

Fifty-five (55) years of revolutionary struggle is not something to take lightly. Revolutionary movements all over the world have struggled to maintain their principles in the era of imperialism due to revisionism, but the revolutionary movement in the Philippines remains unyielding in its commitment to addressing the desire of the exploited masses for a truly liberated society. This is not an accident. It is because of the painstaking work of Ka Joma and countless other comrades who deeply integrated themselves with the exploited masses, continuously rectified errors in the Party, and placed the interests of the people before their own.

The fascist State would like nothing more than for the revolutionary movement to give up; for each revolutionary to prioritize their own interest; for the masses to lose their most powerful weapons in liberating themselves.

And yet, as Ka Joma said, the Filipino People's Democratic Revolution is invincible. Because our struggle is just and because each of you has taken up the cause of liberation. Not for yourselves, but for the people. This is why we must celebrate. Because the existence of our Party is an inspiration to all those around the world who desire freedom.

Our Party represents the interest of every worker who wishes to free themselves from the shackles of wage slavery, every peasant who wishes to free themselves from the crushing weight of landlessness, and every person who was forced to migrate overseas and wishes to return home.

Now that I have returned home to the belly of the beast, I see the spoils of imperialism that were stolen from the blood and sweat of the exploited masses in the Philippines, and I cannot contain my anger at this system and the ruling class and their puppets who benefit from it. But I don't just feel anger. I feel hope and optimism because I know that the revolution is inevitable. And I know this to be the case after the time I spent in the guerilla zone with you all. With you all, I was able to concretely see how the New People's Army, under the absolute leadership of the Communist Party of the Philippines, is mobilizing the masses to wage the revolutionary armed struggle that will liberate the entire nation from imperialism, feudalism, and bureaucrat capitalism.

Let us continuously reflect on the history of our Party and understand our current situation in the context of that history. Let us carry out our urgent tasks and advance the revolution until victory! Mabuhay ang Rebolusyon at Sambayanang Pilipino! Mabuhay ang Partido Komunista ng Pilipinas! Hanggang sa Tagumpay!

**Pahayag ng Pakikiisa ni Ka Rocks**
**Isang dayuhang kasapi ng Partido Komunista ng Pilipinas, aktibong kagawad ng Sangay ng Partido sa kanilang bansa**
*Isinaling bersyon sa Filipino*

Mabuhay mga kasama ng Apolonio Mendoza Komand! Maalab at militanteng pagbati sa natatanging araw na ito. Ngayon, ika-26 ng Disyembre, 2023 ang ikalimampu't limang Anibersaryo ng Partido Komunista ng Pilipinas. Ito rin ang ika-130 taon ng kapanganakan ni Kasamang Mao Zedong. Nararapat lamang na ang dalawang okasyon ay magkasabay sa iisang petsa dahil ang mga turo ni Tagapangulong Mao ay naging instrumental sa paghuhubog ng rebolusyong Pilipino sa kung ano ito ngayon.

Ang 55 taon ng rebolusyunaryong pakikibaka ay hindi dapat maliitin. Ang rebolusyunaryong kilusan sa buong daigdig ay nakibaka para panatilihin ang mga prinsipyo nito sa panahon ng imperyalismo hatid ng rebisyunismo, pero ang rebolusyunaryong kilusan sa Pilipinas ay nananatiling hindi isinusuko ang kanyang paninindigan na tugunan ang nais ng masang pinagsasamantalahan para sa isang tunay na malayang lipunan.

Hindi ito nagkataon lamang. Ito ay dahil sa masikhay na paggawa ni Ka Joma at ng hindi mabilang na kasama na malalim na nakaugat sa masang inaapi, nagpapatuloy sa pagwawasto ng mga pagkakamali sa loob ng Partido, at tuwinang inilalagay ang interes ng sambayanan bago ang mga sarili.

Ang tanging nais ng pasistang estado ay ang pagsuko ng rebolusyonaryong kilusan; na maging makasarili ang mga rebolusyunaryo; nang sa gayon ay mawalan ang masa ng pinakamakapangyarihang sandata na magpapalaya sa kanila.

At gayon pa man, sinabi ni Ka Joma, ang pambansa demokratikong rebolusyon ay hindi magagapi. Dahil ang ating pakikibaka ay makatwiran at dahil ang bawat isa sa inyo ay pinili ang layuning mapagpalaya. Hindi para sa inyong sarili, kundi para sa sambayanan. Ito ang dahilan kung bakit dapat tayong magdiwang.

Dahil ang pag-iral ng ating Partido ay inspirasyon sa buong daigdig ng mga naghahangad ng kalayaan. Kinakatawan ng ating Partido ang interes ng bawat manggagawa na nais palayain ang sarili sa tanikala ng pagkaaliping sahuran, ng bawat magsasaka na naghahangad na palayain ang sarili sa nakakadurog na bigat ng kawalang-lupa, at bawat taong itinutulak mangibang-bansa at nagnanais makauwi sa sariling bayan.

Ngayong nakabalik na ako sa tiyan ng halimaw, nasasaksihan ko ang mga nasamsam ng imperyalismo na kinulimbat sa dugo at pawis ng masang pinagsasamantalahan sa Pilipinas, at hindi ko mapigilan ang aking galit sa sistemang ito at sa naghaharing uri at sa kanilang mga papet na syang nakikinabang. Subalit hindi lamang ito galit.

Nakakaramdam ako ng pag-asa at optimismo dahil alam kong ang rebolusyon ay hindi maiiwasan. At napatunayan ko lalo ito pagkatapos ng panahong ginugol ko sa inyong sonang gerilya.

Sa pamamagitan ninyo, konkreto kong nakita kung paanong ang New People's, sa ilalim ng absolutong pamumuno ng Partido Komunista ng Pilipinas, ay pinapakilos ang mamamayan para maglunsad ng rebolusyonaryong armadong pakikibaka na magpapalaya sa buong Pilipinas mula sa imperyalismo, pyudalismo, at burukratang kapitalismo.

Patuloy nating aralin ang kasaysayan ng ating Partido at unawain ang kasalukuyang kalagayan sa konteksto ng kasaysayang ito. Tuparin ang mahigpit nating tungkulin at isulong ang rebolusyon hanggang tagumpay!

Mabuhay ang Rebolusyon at Sambayanang Pilipino! Mabuhay ang Partido Komunista ng Pilipinas! Hanggang sa Tagumpay!

*At gayon pa man, sinabi ni Ka Joma, ang pambansa demokratikong rebolusyon ay hindi magagapi. Dahil ang ating pakikibaka ay makatwiran at dahil ang bawat isa sa inyo ay pinili ang layuning mapagpalaya. Hindi para sa inyong sarili, kundi para sa sambayanan.*

DIKLAP

PAHAYAGAN NG PARTIDO KOMUNISTA NG PILIPINAS
SOUTH QUEZON - BONDOC PENINSULA

ISPESYAL NA ISYU | ENERO 2024

# Makikinabang sa Peace Talks ang magsasaka sa niyugan

Lubos ang pagkalugod at suporta ng rebolusyunaryong mamamayan sa lalawigan ng Quezon sa pinirmahang Oslo Joint Statement ng National Democratic Front of the Philippines at kinatawan ng Gubyerno ng Republika ng Pilipinas noong Nobyembre 23, 2023.

Ang kasulatang ito ay panimulang hakbang sa posibilidad ng muling pagbubukas ng naunsyaming usapang pangkapayapaan noong 2017 matapos itong lantarang sabotahehin ng dating Pangulo at mga kasapakat niyang militaristang Heneral at opisyal ng rehimeng US-Duterte.

Sa harap ng napipintong pagpapatuloy ng peace talks, ang sambayanang Pilipino kasama ang mamamayan ng lalawigan ng Quezon ang tiyak na makikinabang kapag ito ay nagtuloy-tuloy sa pagpipinal at pagpapatupad ng kasunduan at programang nilalaman ng Comprehensive Agreement on Socio-Economic Reforms (CASER).

Nakapaloob sa CASER ang paglutas sa daan taon nang suliranin ng kawalan ng lupa sa pamamagitan ng isang tunay na repormang agraryo. Magiging benepisyaryo nito ang mga magsasaka at maralita sa kanayunan ng lalawigan.

Habang ang magniniyog ang itinuturing na pinakapobreng bahagi ng agrikultural na ekonomya ng bansa, nananatiling isa ang Quezon sa pinakamalaking prodyuser ng niyog sa Pilipinas kung saan 10% ng kabuuang suplay ay mula rito. Hindi bababa sa 200,000 pamilyang magsasaka sa niyugan ang tuwirang nakaasa sa industriya ng niyog.

Kasabay ng panawagan ng rebolusyunaryong kilusan sa karaniwang mamamayan na dapat suportahan ang pagpapatuloy ng peace talks, hinihikayat din ang punong ehekutibo ng probinsya na si Gov. Helen Tan na gamitin itong pagkakataon para pag-aralan ang mga dokumentong nabuo mula nang magsimula ang negosasyong pangkapayapaan sa bansa.

Mahalagang maunawaan ni Gov. Helen Tan ang ugat ng armadong tunggalian nang sa gayon ay hindi siya mahulog sa patibong ng militaristang pamamaraan ng 201st Infranty Brigade ng Philippine Army sa paglutas ng suliranin ng mamamayan sa lalawigan.

Marapat na seryosong pag-aralan ni Gov. Helen Tan ang pagtatatwa at tuluyang pag-abandona sa ikinakampanya niyang localized peace talks na dili't walang pinag-iba sa Retooled Community Support Program Operations ng Armed Forces of the Philippines na layuning patahimikin ang mamamayan at tanggapin ang mapanlinlang at di-makataong programa para sa taumbayan.

Nakikiisa kami sa panawagang alisin ang mga balakid para matuloy ang peace talks kabilang ang pagbabasura sa Anti-Terrorism Act na nagtuturing sa CPP-NPA-NDFP na terorista.

Nakikiisa kami sa panawagang pagpapalaya sa nakaditineng labingdalawang (12) NDFP consultant sa kabuuang 800 political detainees sa bansa kung saan ang siyam (9) sa kanila ay nagmula sa lalawigan ng Quezon.

Nararapat na maging mapagbantay ang sambayanang Pilipino para hindi masabotahe na naman ang nasimulang pagpirma sa hangaring masimulang muli ang peace talks.

Nararapat na hindi bumitiw ang buong rebolusyunaryong kilusan lalo na ang Bagong Hukbong sa pagsusulong ng armadong paglaban sa pamamagitan ng matagalang digmang bayan.

Malinaw sa pulang hukbo ng mamamayan na hinding-hindi kailanman mapapag-usapan ang pagsasalong ng armas ng Bagong Hukbong Bayan kagaya ng gustong ipilit ng militaristang utak ng GRP na mga pumirma sa Oslo Joint Statement. Ito ay tusong-pakana at saywar ng Armed Forces of the Philippines para engganyuhin sa kapitulasyon o pagsurender ang armadong paglaban na pinangungunahan ng New People's Army.

Malulutas lamang ang sanhi ng pag-aarmas ng mamamayan kapag nasolusyunan na ang pundamental na mga suliranin sa lipunan lalo na ang kawalang-lupa ng magsasaka na silang pangunahing kalahok sa digmang bayan. Ito ang maggagarantiya sa pagkakamit ng tunay at pangmatagalang kapayapaan na nakabatay sa katarungan.

> *Nararapat na maging mapagbantay ang sambayanang Pilipino para hindi masabotahe na naman ang nasimulang pagpirma sa hangaring masimulang muli ang peace talks.*